

# Tungkol sa pagpapareserba sa website

Mangyaring i-access ang nakalaang site para sa pagpapareserba gamit ang PC o smartphone, at magpapareserba sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang.

\* Mula sa pananaw ng seguridad, nireset ang password ng taong gumamit ng pagpapareserba sa website sa ika-1 at ika-2 pagkakataon. Paumanhin sa abala, ngunit mangyaring magrehistro muli.

Sistema ng pagtanggap ng reserbasyon para sa pagbabakuna ng COVID-19 ng Koto City <https://v-yoyaku.jp/131083-koto>




Nakasaad sa kanang itaas ng vaccination voucher

Hakbang sa pagpapareserba para sa pagbabakuna ng COVID-19

## 1 Mag-login (Irehistro ang inyong email address)

Ilagay ang inyong “接種券番号 (vaccination voucher number)” na nakasaad sa inyong vaccination voucher at “パスワード (password)” sa login screen, at pindutin ang ログイン (login) button.

\* Naka-set ang initial password tulad ng sumusunod. Gamitin ang petsa ng kaarawan sa format na YYYYMMDD. Hal.) Kung ipinanganak noong Abril 1, 1941: 19410401



Kailangan irehistro ang inyong email address, atbp. sa unang pagkakataon (2-step verification)

1. Ilagay ang inyong “接種券番号 (vaccination voucher number)” na nakasaad sa inyong vaccination voucher at “パスワード (password)”, at pindutin ang “ログイン (login)” button.
2. Ilagay ang inyong “メールアドレス (email address)” at kapag pinindot ninyo ang “確認メールを送信する (magpadala ng confirmation mail)”, makakatanggap kayo ng email.
3. Buksan ang URL na nakasaad sa natanggap na email, ilagay muli ang inyong “接種券番号 (vaccination voucher number)” at “パスワード (password)”, at mag-“ログイン (login)”.

\* Pagkatapos mag-login, mangyaring magpapareserba pagkatapos pindutin ang “3回目接種を予約する (Magpapareserba para sa ika-3 pagbabakuna)” na button.



## 2 Pumili ng vaccination site

Hanapin ang iyong nais na vaccination site at may lababas ang kalendaryo kapag pinili mo ito.



## 3 Pumili ng petsa at oras

Kapag pinili ninyo ang nais ninyong araw mula sa kalendaryo, maaari ninyong makumpirma ang availability ng pagpapareserba, kaya't piliin ang inyong nais na oras.



## 4 Kumpirmasyon ng reserbasyon

Mangyaring pindutin ang 予約確定 (kumpirmasyon ng reserbasyon) sa screen ng pagrehistro ng reserbasyon.

Mangyaring siguraduhin na i-note ang petsa at oras ng reserbasyon upang hindi ito makalimutan.

\* Para sa pagkansela ng reserbasyon o pagpapareserba muli, mangyaring sundin ang mga tagubilin sa screen.

\* Ang larawan ay imahe. Maaaring palitan nang walang abiso.